

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota

Pinagsamang Halimbawang Balota Nobyembre 5, 2024 Orange County, Florida			Nagpapakita itong pinagsamang halimbawang balota ng LAHAT ng mga labanan sa halalang ito na maaaring pagbotohan ng mga botanteng nakarehistro sa Orange County, Florida. Sa aktwal na balota ng botante lang magkakaroon ng mga labanan na makakaapekto sa kanilang presinto. Para lang sa sanggunian ang dokumentong ito!		
Mga Tagubilin: • Para bumoto, punan nang buo ang oblong () sa tabi ng iyong pinili. Gumamit ng ballpen na may itim na tinta. • Kung nagkamali ka, humiling ng bagong balota. Huwag ekisan o baka hindi mabilang ang iyong boto. • Para bumoto para sa isang write-in na kandidato, punan ang oval at isulat nang malinaw ang pangalan sa blangkong linyang inilaan para sa write-in na kandidato.					
Mga Tanggapan ng Partisan sa Pederal			Kinatawan ng Estado Distrito 35 (Bumoto para sa 1)		Ika-anim na Distrito ng Hukuman ng Apelasyon
Donald J. Trump JD Vance REP Kamala D. Harris Tim Walz DEM Chase Oliver Mike ter Maat LPF Claudia De la Cruz Karina Garcia PSL Randall Terry Stephen Broden CPF Peter Sonski Lauren Onak ASP Jill Stein Rudolph Ware GRE Kandidatong wala sa Listahan			Erika Booth Tom Keen REP DEM		Dapat bang manatili sa pwesto si Judge Paetra Brownlee ng Ika-anim na Distrito ng Hukuman ng Apelasyon? Oo Hindi
			Kinatawan ng Estado Distrito 37 (Bumoto para sa 1)		Dapat bang manatili sa pwesto si Judge Roger Gannam ng Ika-anim na Distrito ng Hukuman ng Apelasyon? Oo Hindi
			Susan Plasencia Nate Douglas REP DEM		Oo Hindi
			Kinatawan ng Estado Distrito 39 (Bumoto para sa 1)		Dapat bang manatili sa pwesto si Judge Joshua Mize ng Ika-anim na Distrito ng Hukuman ng Apelasyon? Oo Hindi
			Doug Bankson Marsha Summersill REP DEM		Oo Hindi
			Kinatawan ng Estado Distrito 40 (Bumoto para sa 1)		Dapat bang manatili sa pwesto si Judge Jared Smith ng Ika-anim na Distrito ng Hukuman ng Apelasyon? Oo Hindi
			Belinda Ford LaVon Bracy Davis REP DEM		Dapat bang manatili sa pwesto si Judge Keith White ng Ika-anim na Distrito ng Hukuman ng Apelasyon? Oo Hindi
			Kinatawan ng Estado Distrito 42 (Bumoto para sa 1)		Hukom ng Sirkito, Ika-9 na Hudisyal na Sirkito Grupo 15 (Bumoto para sa 1)
			Kinatawan ng Estado Distrito 43 (Bumoto para sa 1)		Jeffrey Ashton Alicia L. Peyton
			Joseph "Joe" Melendez Johanna Lopez REP DEM		Mga Tanggapan ng Hindi Partisan sa County
			Kinatawan ng Estado Distrito 45 (Bumoto para sa 1)		Komisyonado ng County Distrito 1 (Bumoto para sa 1)
			Carolina Amesty Leonard Spencer REP DEM		Austin Arthur Nicole H. Wilson
			Kinatawan ng Estado Distrito 47 (Bumoto para sa 1)		Komisyonado ng County Distrito 3 (Bumoto para sa 1)
			Paula A. Stark Maria Revelles REP DEM		Linda Stewart Mayra Uribe
					Komisyonado ng County Distrito 5 (Bumoto para sa 1)
					Steve Leary Kelly Semrad
			Superbisor ng Mga Halalan (Bumoto para sa 1)		Miyembro ng Lupon ng Paaralan Distrito 4 (Bumoto para sa 1)
			Karen Castor Dentel Sunshine Linda-Marie Grund DEM DEM		Anne Douglas Kyle Roger Goudy
					Superbisor ng Distrito ng Konserbasyon ng Lupa at Tubig Posisyon 2 (Bumoto para sa 1)

Mga Pag-amyenda sa Konstitusyon	Numero 4 Pag-amyenda sa Konstitusyon Artikulo 1, Bagong Seksyon	Mga Tanong ukol sa County
Numero 1 Pag-amyenda sa Konstitusyon Artikulo IX, Seksyon 4 at Artikulo XII	Pag-amyenda sa Paglimita sa Panghihimasok ng Pamahalaan ukol sa Pagpapalaglag Walang batas ang dapat magbawal, magparusa, mag-antala, o maghigpit sa pagpapalaglag bago ang posibilidad na mabuhay o kapag kinakailangan para protektahan ang kalusugan ng pasyente, ayon sa pasiya ng provider ng pangangalagang pangkalusugan ng pasyente. Hindi nagbabago ang pag-amyendang ito sa konstitusyonal na awtoridad ng Lehislatura para mangailangan ng abiso sa magulang o tagapangalaga bago magpalaglag ang menor de edad. Magreresulta ang iminungkahing pag-amyenda sa makabuluhang pagtaas ng pagpapalaglag at mas kaunting mga buhay na kapanganakan bawat taon sa Florida. Maaaring mas tumaas ang pagtaas ng pagpapalaglag kung magpapawalang-bisa sa mga batas ang pag-amyenda na nangangailangan ng pahintulot ng magulang bago sumailalim sa mga pagpapalaglag ang mga menor de edad at ang mga nagtitiyak na ang mga lisensyadong manggagamot lang ang magsasagawa ng mga pagpapalaglag. Mayroon ding kawalang-katiyakan kung mag-aatas ang pag-amyenda sa estado na bigyan ng subsidyo ang mga pagpapalaglag gamit ang mga pampublikong pondo. Ang paglilitis para malutas ang mga iyon at ang iba pang kawalang-katiyakan ay magreresulta sa mga karagdagang gastos sa pang-estadong pamahalaan at mga korte ng estado na negatibong makakaapekto sa badyet ng estado. Maaaring negatibong makaapekto ang pagtaas ng mga pagpapalaglag sa paglago ng mga pang-estado at lokal na kita sa paglipas ng panahon. Dahil hindi matantya nang may katumpakan ang epekto sa pananalapi ng tumataas na pagpapalaglag sa mga kita at gastos ng estado at lokal, hindi rin tiyak ang kabuuang epekto ng iminungkahing pag-amyenda.	Pag-amyenda sa Charter ng County #1 Pag-amyenda ng Pagbabago sa Proseso ng Inisyatibong Petisyon ng Charter ng Orange County Pagbabago sa proseso ng inisyatibong petisyon ng charter sa pamamagitan ng pagpapababa ng mga kinakailangan sa petisyon para sa mga pag-amyenda sa charter mula 10 porsiyento ng mga rehistradong botante sa bawat distrito ng komisyon na magiging 5 porsiyento sa bawat distrito ng komisyon, at para sa mga ordinansa mula 7 porsiyento sa bawat distrito na magiging 3 porsiyento sa bawat distrito; pagtanggap ng mga pamamaraan sa pag-alis ng lagda; at pagrerebisa ng pahayag ng epekto sa pananalapi, pampublikong pagdinig, legal na pagsusuri, at mga kinakailangan sa affidavit ng petisyon. Tinatayang epekto sa pananalapi: \$7,000 na matitipid sa bawat iminungkahing tanong sa balota. ☐ Oo ☐ Hindi
Numero 2 Pag-amyenda sa Konstitusyon Artikulo I, Seksyon 28		Pag-amyenda sa Charter ng County #2
Karapatan sa Pangangisda at Pangangaso Pagmumungkahi ng pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado para mapanatili ang pangangisda at pangangaso magpakailanman, kabilang ang paggamit ng mga tradisyonal na pamamaraan, bilang pampublikong karapatan at ginustong paraan ng responsableng pamamahala at pagkontrol ng mga isda at mailap na hayop. Tinutukoy na hindi niilimitahan ng pag-amyenda ang awtoridad na ipinagkaloob sa Komisyon sa Pangangalaga ng Isda at Mailap na Hayop sa ilalim ng Seksyon 9 ng Artikulo IV ng Konstitusyon ng Estado. ☐ Oo ☐ Hindi	HINDI MATUTUKOY ANG EPEKTO SA PANANALAPI NG PAG-AMYENDANG ITO DAHIL SA MGA KAGULUHAN AT KAWALAAN NG KASIGURADUHAN SA PALIGID NA EPEKTO NG PAG-AMYENDA. ☐ Oo ☐ Hindi	Pag-amyenda sa Charter ng Orange County na Nangangailangan ng Patuloy na Pag-iral ng Trust Fund para sa Abot-kayang Pabahay Ang pag-amyenda sa Charter ng County para hilingin ang patuloy na pag-iral ng Trust Fund para sa Abot-kayang Pabahay na ginagamit para lumikha at mapanatili ang abot-kayang pabahay, na maaaring pondohan ng mga bayarin mula sa bagong komersyal at residensyal na pagpapaunlad at iba pang mapagkukunan, lahat ayon sa direksyon ng Komisyon ng County, at para magbigay para sa mga layunin, pinagmumulan ng kita, paglalaan at paggasta ng mga pondo, taunang pag-audit, pagpapatuloy ng katangiang kailangan, pagpapatupad sa pamamagitan ng ordinansa, pangangasiwa, at pangangasiwa ng Trust Fund. Walang epekto sa pananalapi. ☐ Oo ☐ Hindi
Numero 3 Pag-amyenda sa Konstitusyon Artikulo X, Seksyon 29		Pag-amyenda sa Charter ng County #3
Personal na Paggamit ng Marijuana ng Nasa Hustong Gulang Nagbibigay-daan sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang pataas na magkaroon, bumili, o gumamit ng mga produktong marijuana at mga accessory ng marijuana para sa hindi pang-medikal na personal na pagkonsumo sa pamamagitan ng paninigariyo, paglunok, o iba pa; nagbibigay-daan sa mga Medical Marijuana Treatment Centers, at iba pang lisensyadong entidad ng estado, na kumuha, maglinang, magproseso, gumawa, magbenta, at mamahagi ng mga naturang produkto at accessory. Nalalapat sa batas ng Florida; hindi nagbabago, o pinoprotektahan ang mga paglabag sa, pederal na batas. Nagtatatag ng mga limitasyon sa pagmamay-ari para sa personal na paggamit. Pinahihintulutan ang hindi nagbabagong batas. Tinutukoy ang mga katawagan. Nagbibigay ng petsa ng pagkakabisa. Pangunahing nagmumula ang pinansiyal na epekto ng pag-amyenda sa mga inaasahang koleksyon ng buwis sa pagbebenta. Kung legal ngayon, sasailalim ang mga benta ng hindi pang-medikal na marijuana sa buwis sa pagbebenta at mananatiling gayon kung aaprubahan ng mga botante ang pag-amyendang ito. Batay sa mga karanasan ng iba pang estado, bubuo ang inaasahang tingiang benta ng hindi pang-medikal na marijuana ng hindi bababa sa \$195.6 milyon na kita sa buwis taun-taon para sa lokal at pang-estadong pagbebenta kapag ganap na gumagana ang tingiang merkado, bagama't hindi malinaw ang tiyempo ng pangyayaring ito. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, pinawalang-bisa ang umiiral na balangkas ukol sa batas para sa pang-medikal na marijuana ng anim na buwan pagkatapos ng petsa ng pagkakabisa ng pag-amyendang ito na nakakaapekto sa kung paano ipapatupad ang pag-amyendang ito. Kakailanganin ang bagong istruktura ng regulasyon para sa parehong medikal at hindi medikal na paggamit ng marijuana. Hindi lubos na malalaman ang disenyo nito hangga't hindi kumikilos ang lehislatura; gayunpaman, malamang na mababawi ang mga gastos sa regulasyon sa pamamagitan ng mga bayarin sa regulasyon. Hindi mahuhulaan ang iba pang potensyal na gastos at matitipid.	Numero 5 Pag-amyenda sa Konstitusyon Artikulo VII, Seksyon 6 at Artikulo XII	Epekto ng Write-In na Kandidato sa Panahon ng mga Halalan sa Opisyal ng Charter Ang pag-amyenda sa Charter ng Orange County para ibigay iyon sa mga halalan para sa mga tanggapan ng Charter (sa kasalukuyan ang Alkalde ng County at mga Komisyoner ng County), hindi dapat mabibilang ang mga write-in na kandidato sa bilang ng mga kwalipikadong kandidato (tatlo o higit pa) na kinakailangan para mag-trigger ng pangunahing halalan sa Agosto. Walang epekto sa pananalapi. ☐ Oo ☐ Hindi
	Mga Taunang Pagsasaayos sa Halaga ng Ilang Pagbubukod sa Homestead Pagmumungkahi ng pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado para mangailangan ng taunang pagsasaayos para sa implasyon sa halaga ng mga kasalukuyan o hinaharap na pagbubukod sa homestead na nalalapat lang sa mga pagpapataw ng buwis maliban sa mga pagpapataw ng buwis sa distrito ng paaralan at kung saan kwalipikado ang bawat taong may legal o pantay na titulo sa real estate at pinapanatili roon ang permanenteng tirahan ng may-ari, o ibang tao na legal o natural na umaasa sa may-ari. Magkakabisa ang pag-amyendang ito ngayong Enero 1, 2025. ☐ Oo ☐ Hindi	Pag-amyenda sa Charter ng County #4
	Numero 6 Pag-amyenda sa Konstitusyon Artikulo VI, Seksyon 7	Pag-amyenda sa Charter ng Orange County na Nangangailangan ng Pagtanggap ng Tool sa Pagsusuri ng Katatagan ng Pananalapi Ang pag-amyenda sa Charter ng County para hilingin na hindi lalampas sa Oktubre 2025, dapat tanggapin ng County ang pamamaraan at proseso ng pagsusuri sa pagiging likas-kaya ng pananalapi para bigyang-daan ang pagtatasa ng County sa mga epekto ng mga iminungkahing pagpapalawak ng Lugar ng Serbisyo sa Lungsod at iminungkahing pagpapaunlad sa Mga Pamayanan at Lugar ng Serbisyo sa Lalawigan sa kapasidad ng County na mahusay na magkaloob at magpanatili ng imprastraktura at mga serbisyo sa loob ng pinakamahabang panahon ng pagpaplano sa Malawakang Plano ng County. Tinantyang epekto sa pananalapi ng comptroller: Hindi tiyak na epekto sa pananalapi. ☐ Oo ☐ Hindi
Partisan na Halalan ng mga Miyembro ng mga Lupon ng Paaralan ng Distrito Pagmumungkahi ng mga pag-amyenda sa Konstitusyon ng Estado para hilingin sa mga miyembro ng lupon ng paaralan ng distrito na mahalal sa isang partisan na halalan sa halip na sa isang hindi partisan na halalan at para tukuyin na nalalapat lang sa mga halalan ang pag-amyenda na gaganapin sa o pagkatapos ng pangkalahatang halalan sa Nobyembre 2026. Gayunpaman, maaaring mangyari ang mga partisan na pangunahing halalan bago ang pangkalahatang halalan sa 2026 para sa layunin ng pagmumungkahi ng mga kandidato ng partidong pampulitika sa tanggapang iyon para sa pagkakalagay sa balota ng pangkalahatang halalan sa 2026. ☐ Oo ☐ Hindi	Pagpapawalang-bisa sa Kinakailangan sa Pampublikong Pagpopondo para sa Kampanya Pagmumungkahi ng pagpapawalang-bisa sa probisyon sa Konstitusyon ng Estado na nangangailangan ng pampublikong pagpopondo para sa mga kampanya ng mga kandidato para sa elektibong pambuong estadong katungkulan na sumasang-ayon sa mga limitasyon sa paggasta sa kampanya. ☐ Oo ☐ Hindi	
TINANTYANG MAY NETONG POSITIBONG EPEKTO SA BADYET NG ESTADO ANG IMINUMUNGKAHING PAG-AMYENDA SA KONSTITUSYONG ITO. MAAARING MAGRESULTA ANG EPEKTONG ITO SA PAGBUO NG KARAGDAGANG KITA O PAGTAAS NG MGA SERBISYO NG PAMAHALAAN. ☐ Oo ☐ Hindi		

Pag-amyenda sa Charter ng County #5	Pag-amyenda sa Charter ng County #9		
Pag-amyenda sa Charter ng Orange County sa Pagtatatag ng Tanggapan ng Charter ng Abogado ng County Ang pag-amyenda sa Charter ng Orange County para magtatag ng tanggapan ng Abogado ng County, na magiging punong legal na tagapayo ng County, na hinirang ng Alkalde ng County at kinumpirma ng mayorya ng buong Komisyon ng County, at tinanggal ng alinman sa Alkalde ng County o mayorya ng buong Komisyon ng County. Walang epekto sa pananalapi. ☐ Oo ☐ Hindi	Pag-amyenda sa Charter ng Orange County sa Pagtatatag ng Hangganan ng Lalawigan at Lugar ng Lalawigan ("Lugar") Pagtatatag ng Lugar ng Lalawigan (mga hindi pinagsama-samang mga lupain na matatagpuan sa labas ng Lugar ng Serbisyo ng Lungsod ng County, mga lugar ng pinagsamang pagpaplano ng munisipyo, Mga Sentro ng Paglago, Overlay sa Paraan ng Inobasyon, Mga Nayon ng Horizon West, at Lugar ng Pagpapalawak sa Boggy Creek sa petsa ng pagkakabisa) kung saan ang malawakang plano ng County ay nagdaragdag ng pagtaas ng densidad o intensidad, at mga ordinansang nag-aalis ng mga lupain mula sa Lugar sa Lalawigan, ay dapat aprubahan ng mayorya na may dagdag na isang boto ng buong miyembro ng Komisyon ng County. ☐ Oo ☐ Hindi		
Pag-amyenda sa Charter ng County #6			
Pag-amyenda sa Charter ng Orange County sa Pagdagdag sa Bilang ng mga Distrito ng Komisyon ng County Ang pag-amyenda sa Charter ng Orange County para madagdagan ang bilang ng mga distrito ng Komisyon ng County mula sa anim na distritong nag-iisang miyembro tungo sa walong distritong nag-iisang miyembro, na nagreresulta sa Komisyon ng County ng siyam na miyembro (walong Komisyoner at Alkalde ng County) na magkakabaisa para sa Pangkalahatang Halalan sa 2026, habang tinitiyak na ang mga limitasyon sa termino sa mga nakaupong Komisyoner ng County ay patuloy na nalalapat sa paglipat sa walong distrito. Tinatayang epekto sa pananalapi: Isang beses na Gastos - \$2.6 milyon; Taunang Umuulit na Gastos - \$1.3 milyon. ☐ Oo ☐ Hindi	Pag-amyenda sa Charter ng County #10 Pag-amyenda sa Charter sa Pagtatatag ng Proseso Para sa Mga Boluntaryong Pagsasanib ng Munisipyo At Paggamit ng Lupa sa mga Lugar ng Lalawigan Amyendahan ang Charter ng County para magtatag ng proseso para sa boluntaryong pagsasanib ng munisipyo at ibigay na ang komprehensibong plano at mga regulasyon sa pagpapaunlad ng lupa sa Orange County na eksklusibong pinamamahalaan sa loob ng mga lugar ng lalawigan kapag ang mga lupain ay kasunod na isinama sa isang munisipalidad na may awtoridad ang Orange County na aprubahan o tanggihan ang boluntaryong pagsasanib sa pamamagitan ng pagsang-ayon na boto na hindi bababa sa mayorya at isang boto ng buong komisyon ng county. ☐ Oo ☐ Hindi		
Pag-amyenda sa Charter ng County #7			
Pag-amyenda sa Charter sa Pagbuo ng Komisyon sa Pagpapayo sa Kadaliang Kumilos ng Transportasyon Ang pag-amyenda sa Charter ng Orange County para sa pagbuo ng Komisyon sa Pagpapayo sa Kadaliang Kumilos ng Transportasyon na bibigyan ng kapangyarihan na magdaos ng mga pampublikong pagdinig at gumawa ng mga rekomendasyon sa Komisyon ng County sa: (1) mga iminungkahing paggasta para sa mga layunin ng transportasyon bago isama sa iminungkahing taunang badyet ng County; (2) pagbabago sa transportasyon at kadaliang kumilos; at (3) pagsusuri ng mga nakaraang gastos sa transportasyon; at para magkaloob ng appointment sa Komisyon ng County, pagpopondo ng mga gastusin sa pagpapatakbo, organisasyon, at tulong para sa mga tauhan. Tinantyang epekto sa pananalapi ng comptroller: \$725,000 na gastos taun-taon. ☐ Oo ☐ Hindi	Referendum ng Sales Surtax ng Paaralan Kalahating Sentimong Sales Surtax para sa Konstruksyon, Pagpapaganda, Pagkuha ng Lupa, at Pagpapatupad ng Teknolohiya sa Mga Pasilidad ng Paaralan Ipagpapatuloy ba ng Lupon ng Paaralan ng Orange County, Florida ang kalahating sentimong sales surtax para pondohan ang pagtatayo, muling pagtatayo at pagpapahusay ng mga pasilidad ng paaralan, at pagkuha ng lupa, pagpapahusay ng lupa at mga gastos sa disenyo at engineering, kabilang ang anumang pagkakautang sa bono, at ang halaga ng retrofitting at pagbibigay ng pagpapatupad ng teknolohiya, simula Enero 1, 2026 at magtatapos sa Disyembre 31, 2035, na proporsyonal na ipinamamahagi sa mga charter ng paaralan ayon sa legal na kinakailangan, na may patuloy na pangangasiwa ng mga independiyenteng komite ng mamamayan? ☐ Para sa isa't kalahating sentimo na buwis ☐ Laban sa isa't kalahating sentimo na buwis		
Pag-amyenda sa Charter ng County #8			
Bumoto ang Pinakamalaking Bilang ng Mayorya ng Komisyon ng County na Ipamahagi o Baguhin ang Paggamit ng "Mga Protektadong Lupain ng County" Ang pag-amyenda sa Charter ng Orange County para tukuyin ang "Mga Protektadong Lupain ng County" bilang pag-aari ng County (sa kabuuan o bahagi), pinapatakbo, o mga pinapanatiling pampublikong parke at lugar ng libangan, at mga lupang sensitibo sa kapaligiran na nakuha ng County para sa mga layuning pangkapaligiran, ekolohikal, o libangan; at nag-aatas na ang anumang pagkilos ng Komisyon ng County na nagpapahintulot sa disposisyon ng Mga Protektadong Lupain ng County o pagbabago sa ibang paggamit ay dapat na aprubahan ng mayorya na may dagdag na isang boto ng Komisyon ng County. Walang epekto sa pananalapi. ☐ Oo ☐ Hindi			